**MAHIRAP NA SIMULA**

Aralin 3 para sa Hulyo 19, 2025

**A ANG PAKIUSAP: “PAALISIN ANG AKING BAYAN.”**

- **ANG TUGON NI FARAON (Exodo 5:1-2)**
  - Si Thutmose III ay bata pa nang mailagay sa trono sa ilalim ng pamamahala ni Hatshepsut upang pigilan si Moises na maiproklamang Faraon. Si Moises ay tumakas sa Ehipto noong si Thutmose ay tineydyer pa.
  - Apatnapung taon ang lumipas, bumalik si Moises sa kanyang sarili sa hukuman. Pumunta ba siya upang angkinin ang kanyang karapatan sa trono? Hindi. Simple lang ang hiling nya: “Pabayaan mong umalis ang aking bayan” (Ex . 5:1).
  - Ang tugon ni Thutmose ay isang hamon, hindi kay Moises, kundi sa Dios mismo. Sa madaling salita, hinahamon niya ang mismong pag-iral ng Dios (Exodo 5:2).
  - Ang kanyang saloobin ay ginamit sa Apocalipsis na isang simbolo na kumatawan sa bansang Fransya noong ika-18 siglong rebolusyon (Apoc. 11:8). Tulad ni Faraon, inalis ng French Republic ang relihiyon at idineklara ang sarili na isang ateistikong bansa.
- **TUGON NG BAYAN (Exodo 5:3-21)**
  - Nang gawin ni Moises sa harap ng mga tao ang mga tanda na ibinigay sa kanya ng Dios, sila ay naniwala at sumamba (Ex. 4:29-31). Maiisip natin kung gaano sila kasabik na naghintay sa tugon ni Faraon sa kanilang kahilingan.
  - Ang tugon ay hindi inaasahan. Si Faraon ay hindi lang tumanggi, ngunit pinilit silang gumawa nang hindi na bibigyan ng mga kinakailangang materyales, at hinihingi ang parehong mga resulta (Ex. 5:6-8). Ano ang dahilan para ipataw itong hindi makatwirang utos?
  - Sina Moises at Aaron—ayon kay Thutmose—ay gumawa ng “pahinga [shabbat] mula sa kanilang mga gawain” (Ex. 5:5). Kung mayroon silang panahon upang pag-usapan ang relihiyon at kalayaan, may panahon din sila upang maghanap ng dayami (Ex. 5:9, 17).
  - Nang sila ay pagmalupitan, nagreklamo ang mga tagapangasiwa kay Faraon, ngunit hindi sila pinansin. Pagkatapos ay bumaling sila kina Moises at Aaron, at inakusahan silang pinalala ang kanilang sitwasyon (Ex. 5:20-21).
- **ANG TUGON NG DIOS (Exodo 5:22-6:8)**
  - Nagalit si Faraon kay Moises. Nagalit ang mga tao kay Moises. Si Moses… ay hindi nagalit, ngunit siya ay nalulumbay, at siya'y bumaling sa Dios na may pag-aalinlangan: "Bakit mo pinahihirapan ang bayang ito? Bakit mo ako sinugo?” (Ex. 5:22).

— Suriin natin ang tugon ng Dios (Ex. 6:1-8):

(a) *Ano ang nagawa ko*: Nagpakita ako sa mga propeta; Itinatag ko ang aking tipan sa kanila; Nangako akong ibibigay sa kanila ang lupain ng Canaan; Narinig ko ang daing ng mga tao; Naalala ko ang pangako ko.

(b) *Ano ang gagawin ko*: Aalisin ko sa kanila ang pang-aapi ng mga Ehipsiyo; Palalayain ko sila sa pagkaalipin; Ipapakita ko ang aking kapangyarihan; Gagawin ko silang aking bayan; Ako ang magiging Dios nila; Ibibigay ko sa kanila ang lupain ng Canaan.

❖ **TUGON NI MOISES (Exodo 6:9-13)**

— Matapos ang pagpapasigla ng Dios, muling nagsalita si Moises sa mga tao, ngunit hindi sila nakinig (Ex. 6:9). Nang maglaon, inutos sa kanya ng Dios na makiusap muli kay Faraon upang palayain ang Israel (Ex. 6:10-11).

— Tumanggi si Moises, at muling nagdahilan: Kung ang aking bayan ay hindi nakikinig sa akin, paano ako didinggin ni Faraon, gayong ako ay hindi maayos magsalita? (Ex. 6:12).

— Si Moses ay nalulumbay, nanlumo, at nabigo. Ngunit, gaya ng iba pang mahuhusay na tao na nakadama ng gayunding pakiramdam—gaya nina Asap at Job—hindi siya nawalan ng pag-asa. Ang kanyang pagtitiwala sa Dios ay mas malakas kaysa sa kasalukuyang nararamdaman.

— Kung nanlulumo tayo, angkinin natin ang mga salita ni Asaph (Awit 73:23-26).

**B ANG PAPEL NINA MOISES AT AARON (Exodo 6:28-7:7)**

❖ Matapos ang ilang pagkabigo sa Ehipto, ipinaalala muli ng Dios kay Moises ang tungkulin ni Aaron bilang kanyang katulong at tagapagsalita (Ex. 7:1-2).

❖ Sa pagkakataong ito, inihambing niya ang papel ng mga propeta. Tumatanggap sila ng mensahe mula sa Dios at ibinibigay ito sa atin. Sa ganitong diwa, ginampanan ni Moises ang papel ng Dios, at si Aaron ang gumanap sa tungkulin ng mga propeta.

❖ Tulad ng mangyayari sa huli sa maraming mga propeta, nagbabala ang Dios na ang kanyang mensahe ay hindi papakinggan, at kailangan niyang magpakita ng dakilang kapangyarihan (Ex. 7:3).

❖ Gaya ng mga susunod na propeta, si Moises ay dapat magsalita sa mga tao at kay Faraon, "sa didinggin, o sa itatakuwil man; sapagka't sila'y totoong mapanghimagsik." (Ezek. 2:7). Ganun din sa atin, dahil tayo ang naririnig na tinig ng Dios dito sa mundo.